

**\* Impormasyon para sa mga pumasok ng Japan noong araw at pagkaraan ng Setyembre 1, 2020.**

Mga Karagdagang Pamamaraan upang makaiwas at makontrol ang Epidemya para sae Entry o Re-entry ng mga Banyaga

Agosto 28, 2020

1. Simula Setyembre 1, 2020, bilang prinsipyo, kung ang banyaga (note 1) na nanatili sa pook na sakop ng landing refusal ay kailangang sundin ang pananaw sa mga karagdagang pamamaraan ng pag iwas at pagkontrol ng Epidemya.
2. Bilang partikular, ① ang banyaga na papasok ng Japan ay kailangang kumuha ng visa sa Embahada o Konsulada ng Japan sa kinaroroonang bansa/rehiyon batay sa kanilang layunin, ② ang banyaga na lumabas ng Japan noong araw at bago mag Agosto 31, 2020 na may re-entry permit (kabilang ang special re-entry permit at mga katulad nito) ay kailangang kumuha ng kasulatan bilang patunay na nagpasa ng mga mahalagang dokumento para sa Re-entry sa Japan na mula sa Embahada o Konsulada ng Japan sa kinaroroonang bansa/rehiyon, ③ ang banyaga na lumabas ng Japan noong araw o pagkaraan ng Setyembre 1, 2020 na may re-entry permit ay kailangang kumuha ng Receipt (note 2) mula sa Ahensya ng serbisyong Imigrasyon ng Japan.

Bilang karagdagan, ang banyaga ay kailangang kumuha ng Sertipiko ng COVID-19 Test mula sa pasilidad ng medikal sa kinaroroonang bansa/rehiyon na patunay na sumailalim sa pagsusuri sa loob ng 72 oras bago ang departure at negatibo ang resulta nito (See note 3.)

Ang Format ng Sertipiko ng COVID-19 Test ay nasa ibaba . Bilang pangkalahatang patakaran, gamitin po ang itinalagang format, (1). Kung gagamit ng sariling format, siguraduhin na handing harapin ang mga requirements sa (2).

- (1) Ang [itinalagang format](#) na sinulatan ng pang local na pasilidad ng medikal at may pirma at stamp ng doktor.
  - (2) Sariling format (subalit ang nilalaman nito ay kailangang kapareho ng isinasaad sa itinalagang format. Partikular, A. detalye ng personal na pagkakakilannan (pangalan, numero ng pasaporte, nasyonalidad, araw ng kapanganakan, kasarian), B. nilalaman ng Sertipiko ng COVID-19 Test (paraan ng eksamen (limitado para sa nakolektang sampol at paraan ng eksamen na nakasaad sa itinalagang format), resulta ng eksamen, petsa ng sampol, petsa ng desisyon, petsa ng paglabas ng sertipiko ng eksamen), at C. impormasyon ukol sa pasilidad ng medikal (pangalan ng pasilidad ng medikal (o pangalan ng doktor), address ng pasilidad ng medikal, seal ng pasilidad ng medikal (o pirma ng doktor) na lahat ay nakasulat sa Ingles).
3. Pakipasa po ang orihinal na kopya ng Sertipiko ng COVID-19 test sa inspektor ng imigrasyon (sa kaso ng re-entry, magpasa ng Kasulatan ng Patunay na nagpasa ng mahalagang dokumento na kailangan para sa re-entry pagkarating sa Japan).

Kung hindi makapagpasa ng mga kailangang dokumento sa inspektor ng imigrasyon, maaaring ma deny ang iyong re-entry sa Japan sang ayon sa Immigration Control and Refugee Recognition Act.

Bilang karagdagan, kung ikaw ay naipalagay na nakatanggap ng permiso ng re-entry sa pagpasa ng mga pekeng dokumento, maaring mabawi ang iyong Status of Residence at ma deport ayon sa Immigration Control and Refugee Recognition Act.

(Note 1) Hindi kabilang ang mga sumusunod na banyaga.

- Special permanent resident
- Banyaga na ang status of residence ay “Diplomat” o “Opisyal” o kukuha ng status of residence na “Diplomat” o “Opisyal.”

(Note 2) Ang banyaga na lumabas ng Japan noong araw o pagkaraan ng Setyembre 1, 2020 na may re-entry ay kailangang kumuha ng Receipt mula sa Imigrasyon ng Japan bago ang araw ng departure. Kung nakalabas ng Japan na hindi nakakuha ng Receipt, ikaw ay hindi na magiging sakop ng naturang may mahalagang dahilan at hindi inaasahang pangyayari at made deny ang pagpasok ng Japan.

Para sa pamamaraan sa pagkuha ng Receipt, click [here](#). Para sa banyaga na may planong lumabas ng Japan sa pagitan ng Setyembre 1, 2020 at Setyembre 6, 2020, siguraduhing ang inyong request

ay deretso sa inspektor ng imigrasyon ng lugar ng departure.

(Note 3) Kung masasabing napakataas ng degree ng emerhensya ng entry o re-entry sa Japan, hindi na kailangang kumuha ng Sertipiko ng COVID-19 Test.

Sa ganitong kaso, sa pagkuha ng Visa o Kasulatan ng Patunay na nagpasa ng mahalagang dokumento para sa Re-entry sa Japan, kailangan ipaalam sa diplomatic office sa kinaroroonang lugar na emerhensya ang muling pagpasok ng Japan upang makapagpasa ng dokumento na nakasaad ang paliwanag ng emerhensya.

Partikular na halimbawa ng kaso na maaaring masabing mataa na degree ng Emerhensya:

- Kailangang pumasok ng Japan upang magpagamot o mag pa opera sa ospital (kabilang ang muling check up) o panganganak. (Halimbawa ng dokumento ng paliwanag: sertipiko ng medikal na patunay na kailangang maglakbay sa ibang bansa sa lalong madaling panahon, at iba )
- Kailangang pumasok ng Japan upang bisitahin ang kamag anak na nasa kritikal na kondisyon na nasa ibang bansa o pumunta sa burol oi libing ng pumanaw na kamag anak. (Halimbawa ng dokumento ng paliwanag: sertipiko ng medikal na patunay na nasa kritikal na kondisyon ang kamag anak o dokumento na magpapatunay sa relasyon nito. At iba pa.)

Kontak: Adjudication Division, Immigration Department, Immigration Services Agency

Tel: (Operator) 03-3580-4111 (Ext. No. 4446 • 4447)